Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPU'T APAT NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MARTES, IKA-4 NG HULYO, 2006 SA GUSALING BATASAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ARLENE ARCILLAS-NAZARENO - Pang. Punong-lungsod, Namuno
2. Kgg. LAUDEMER A. CARTA - Kagawad
3. Kgg. JOSE C. CARTAÑO - Kagawad
4. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA - Kagawad
5. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
6. Kgg. ARNEL DC. GOMEZ - Kagawad
7. Kgg. ANTONIA T. LASERNA - Kagawad
8. Kgg. ROY M. GONZALES - Kagawad
9. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN - Kagawad
10. Kgg. MYTHOR C. CENDAÑA - Kagawad
11. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad
12. Kgg. AIZEL B. ALIPON - Kagawad

Di-Dumalo:

1. Kgg. RAUL P. AALA - Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 158-2006

(Sa mungkahi ng Lupon ng Laws and Government)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY SA PAGTANGGAP NG PAMAHALAANG LUNGSOD SA LAHAT NG DAAN (ROAD LOTS), BAKANTENG LOTE (OPEN SPACE) NG ST. FRANCIS HOMES VIII NA MATATAGPUAN SA BARANGAY POOC, LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA.

YAYAMANG, si Gregorio B. Tan Gana, Pangulo ng St. Francis Homes Development Corporation ay naghain ng kahilingan na maipagkaloob na sa pamahalaang lungsod ang lahat ng daan (road lots), bakanteng lote (open space) sa itinatadhana ng *Presidential Decree No. 1216*;

YAYAMANG, matapos ang pagsusuri sa mga dokumentong isinulit ay napagtantong ang lahat ng kinakailangang "*requirements*" ay naisulit ng humihiling;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapatibay sa pagtanggap ng pamahalaang lungsod sa lahat ng daan (road lots), bakanteng lote (open space) ng St. Francis Homes VIII na matatagpuan sa Barangay Pooc, Lungsod ng Santa Rosa, Laguna.

IPINASIYA DIN, ang pagtanggap ay magkakabisa lamang sa sandaling mabayaran ng humihiling ang lahat ng buwis at iba pang nararapat na butaw hanggang sa sandali o petsa ng paglagda sa Deed of Donation.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay para sa Ikalawang Pagbasa at sinipi mula sa katitikan ng Ika-24 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Panlungsod noong Ika-4 ng Hulyo, 2006.

CYNTHIA M. GOMEZ
Kalihim Panlungsod

Pinatotohanan:

ARLENE ARCILLAS-NAZARENO
Pangalawang Punong-lungsod

Pinagtibay:

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Punong-lungsod